RECORDS FILES

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod ng Dipolog

RELEASED 27 MAY 2016

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 184, s. 2016

Sa mga : Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Elementarya

Mula kay : **NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala ng Sangay

Paksa : **PANSANGAY NA ULAT NG PHIL-IRI (FILIPINO) PANAPOS NA PAGTATAYA S.Y. 2015-2016**

Petsa : Mayo 27, 2016

1. Nais ipaalam ng Sangay ng Zamboanga del Norte ang Pansangay na Ulat ng Phil-IRI para sa Panapos na Pagtataya ng **malakas** at **tahimik** na pagbasa. Ang ulat na ito ay resulta ng pagsusuma sa Pandistritong ulat ng Phil-IRI mula sa 97% distritong nakapagsumite ng naturang ulat.

2. Makita mula sa grap na kalakip ng Memorandum na ito ang pinaghambing na resulta ng panimula at panapos na pagtataya. Ang panimulang pagtataya ay naipalaganap sa pamamagitan ng Memorandum Pansangay Bl. 055, s. 2016 (Pabrero 2, 2016).


3. Sa malakas na pagbasa, ang antas ng pagkabigo na mula **33.22%** ay naging **17%** na sa katapusan ng taon, samantalang sa Pampagkatuto mula **37.92%** ay umangat sa **43%**, sa antas Malaya na **26.44%** ay naging **37%** at di kapani-paniwala ang nangyari sa antas ng di-makabasa ayon sa grap na nakabase sa resultang ipinasa ng bawat distrito.

4. Sa tahimik na pagbasa naman, ang antas ng pagkabigo na mula **32.32%** ay naging **18%** na sa katapusan ng taon, samantalang sa Pampagkatuto mula **38.26%** ay umangat sa **42%**, sa antas Malaya na **27.18%** ay naging **38%** at para sa mga di-makabasa ay **2.24%** na bumababa lamang ng kaunti sa **2%.**

5. Kalakip ng Memorandum na ito ang resulta ng Panapos na Pagtataya sa Phil-IRI sa pamamagitan ng grap (Malakas na Pagbasa at Tahimik na Pagbasa).


6. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

## Malakas na Pagbasa




| | Pagkabigo | Pampagkatuto | Malaya | Di-makabasa | Blg. Ng mag-aaral na kumuha ng pagtataya |
|---|---|---|---|---|---|
| Panimulang Pagtataya | 37,607 | 42,915 | 29,927 | 2,737 | 113,186 |
| Panapos na Pagtataya | 19,541 | 47,791 | 41,391 | 376 | 109.099 |

## Tahimik na Pagbasa




| | Pagkabigo | Pampagkatuto | Malaya | Di-makabasa | Blg. Ng mag-aaral na kumuha ng pagtataya |
|---|---|---|---|---|---|
| Panimulang Pagtataya | 36,577 | 43,299 | 30,764 | 2,542 | 113,182 |
| Panapos na Pagtataya | 19,791 | 46,919 | 42,098 | 397 | 109.205 |